# LGUs para sa renewable energy

Balita · 23 Jul 2018 · 3 · Jun Fabon

Sinusuportahan ng apat na pamahalaang lokal ang renewable energy bilang pangontra sa tinatawag na coal projects sa larangan ng elektrisidad.

Ipinahayag ni Sanlakas Secretary-General at The Power for People Coalition (P4P) Convenor Atty. Aaron Pedrosa ang paninindigan ng mga lokal na pamahalaan ng Quezon City, Ozamiz City, Cebu City, at South Cotabato.

Ayon kay Pedrosa, nagkasundo ang P4P kasama ang Center for Energy, Ecology and Development (CEED), Philippine Movement for Climate Justice (PMCJ), Sanlakas, Greenpeace at World Wild Fund Philippines (WWF) na isulong ang renewable energy sa bansa.

“Just this week, Meralco has increased its rate by P0.35/kwh because of an increase in the cost of generation. This increase in our electric bills is basically owed to the rising cost of coal in the global market,” diin ni Pedrosa.

Ipinunto naman ni Senador Loren Legarda sa nasabing pulong ang kahalagahan ng pagtutulungan ng iba’t ibang sektor upang bigyan ng proteksiyon ang kalikasan sa pamamagitan ng paggamit ng renewable energy.